Australian Government
Medicare Australia

PBS

Palatuntunan sa Benepisyo ng Gamot (Pharmaceutical Benefits Scheme o PBS)

Ano ang PBS?

Maraming mga uri ng gamot ang nagkakahalaga ng mas higit pa kaysa sa presyong binayaran mo—nagkakahalaga ang ilan ng daan-daang mga dolyar. Sa pamamagitan ng Palatuntunan sa Benepisyo ng Gamot (PBS)tinutustusan ng Pamahalaang Australya ang halaga ng malaking hanay ng may resetang gamot. Ang Pagbalik-pera ng Palatuntunan sa Benepisyo ng Gamot (o The Repatriation Pharmaceutical Benefits Scheme o RPBS) ay nagbibigay ng access sa PBS at karagdagang mga bagay na pangparmasya para sa karapat-dapat na mga beterano, mga nabalo ng giyera at ang mga umaasa sa kanila.

Karapat-dapat ba ako para sa PBS?

Mayroong access ang lahat ng mga naninirahan sa Australia sa abot-kayang gamot sa pamamagitan ng PBS.

Ang mga gamot ng PBS ay makukuha rin ng mga karapat-dapat na mga bisita mula sa Italia, New Zealand, ang Republika ng Ireland, Finland, Norway, Malta, the Netherlands, Sweden, Belgium at United Kingdom. Ang Australia ay may Mga Kasunduan sa Palitan ng Pangangalaga sa Kalusugan Sa mga bansang ito.

Magkano ang ibabayad ko?

Ang presyong babayaran mo para sa gamot ng PBS ay depende sa antas ng iyong pagiging karapat-dapat. Mula ika-1 ng Enero 2011, ang pangkalahatang halaga na ambag mo bilang pasyente ay hanggang $34.20# para sa bawat gamot ng PBS. Kung mayroon kang balidong konsesyon kard mula sa Centrelink o Department of Veterans' Affairs (DVA) ang ambag mo bilang pasyente ay nasa konsesyong halagang $5.60#.

Kung mayroon kang Puting Kard ng DVA para sa partikular na mga kundisyon at ang iyong gamot ay para sa mga kundisyong iyon, ang ambag mo bilang pasyente ay $5.60#, kung hindi man magbabayad ka ng pangkalahatang halaga.

Ano ang kailangan kong gawin?

Upang matiyak na nagbabayad ka ng tamang halaga para sa iyong gamot, sa tuwing may reseta kang pinapupunan, ipakita sa parmasyutiko ang iyong kasalukuyang:

- Kard ng Medicare
- Centrelink o kard na konsesyon ng DVA (kung mayroon ka)
- Pagiging karapat-dapat o kard na konsesyon ng PBS Safety Net (kung mayroon ka).

Anong mangyayari kung hindi ko dala ang aking mga kard?

Mahalagang dala-dala mo ang iyong mga kard kapag pinapupunan mo ang iyong reseta. Kung hindi mo dala ang kard ng iyong Medicare, konsesyon o Safety Net, maaaring kailangan mong bayaran ang mas mataas na halaga para sa iyong gamot. Kung mangyari ito, tanungin ang iyong parmasyutiko para sa isang opisyal na resibo## sa pag-refund ng PBS (hindi lang ordinaryong talaan) at makumpleto ang form ng claim ng Pasyenteng PBS para sa refund. Maaari mong i-download ang form na ito mula sa **www.medicareaustralia.gov.au** o kumuha ng isa saanmang tanggapan ng Medicare.

Maaari ba akong humingi ng mas murang tatak?

Maaari mong tanungin ang iyong doktor na magreseta ng mas murang tatak, o maaaring magbigay ang iyong parmasyutiko ng mas mura o generic na tatak ng iyong may resetang gamot.

Ang mga mas mura o generic na tatak ay mahusay rin. Habang maaaring mukhang magka-iba ng hitsura ang mga ito, ang mga ito ay mayroong kaparehong aktibong sangkap at natugunan ang mga mataas na pamantayan ng kalidad, kaligtasan at pagiging epektibo ng Therapeutic Goods Administration.

PBS Safety Net

Ano ang PBS Safety Net?

Kung kailangan mo at ng iyong pamilya ng maraming gamot sa loob ng isang taon, tutulungan ka ng PBS Safety Net sa gastos ng iyong gamot. Sa sandaling maabot mo o ng iyong pamilya ang Safety Net threshold, maaari kang mag-aplay para sa kard ng PBS Safety Net—mas mura o libre# ang iyong gamot ng PBS para sa buong taon.

Ano ang kailangan kong gawin?

Kailangan mong magtago ng talaan ng iyong gamot ng PBS sa Rekord ng Resetang Form (PRF), na maaari mong makuha mula sa iyong parmasyutiko. Sa tuwing mayroong naidulot - sa iyong gamot ng PBS, ibibigay mo ang form sa parmasista upang maitala ito. Maaaring ang iyong parmasista ang magtago ng talaan sa kanilang kompyuter para sa iyo, ngunit kung hindi nila magagawa, o kung bumisita ka ng ibang mga parmasyutika, pinakamahusay na ang magtago ng sarili mong mga talaan.

Kung mayroon kang pamilya, hilingin sa iyong parmasisita ang tungkol sa pagsasama ng mga halaga na nagastos mo para sa kabuuan ng Safety Net ng iyong pamilya.

Sino ang maaaring maisama sa pamilya ng Safety Net?

Ang karapat-dapat na pamilya ng Safety Net ay binubuo mo at ng:

- iyong asawa o kinakasama
- mga anak na wala pa sa edad 16 o nasa ganap mong pangangalaga o sa pangangalaga ng iyong asawa/kinakasama
- full-time na mga mag-aaral na wala pa sa edad 25 na ganap na umaasa sa iyo o sa iyong asawa/kinakasama.

Ano ang kasalukuyang mga Safety Net threshold?

Mula ika-1 ng Enero 2011, ang threshold para sa mga pangkalahatang pasyente ay $1317.20 at para sa mga may hawak ng kard na konsesyon ito ay $336.00.

Ano ang mangyayari kapag naabot ko na ang PBS Safety Net threshold?

Kapag malapit mo ng maabot ang Safety Net threshold, tanungin ang iyong parmasista tungkol sa kung paano makakakuha ng kard ng Safety Net. Sa sandaling bigyan ka ng iyong parmasista ng kard ng Safety Net para sa gamot ng PBS, para sa natitirang taon,ang iyong ambag bilang pasyente sa Safety Net ay magiging:

- $5.60# kung ikaw ay pangkalahatang pasyente

o

- libre# kung mayroon kang kard na konsesyon.

Paano kung nakatanggap ako ng hindi pang-PBS na reseta?

Maaaring magreseta ang iyong doktor ng gamot na hindi nakalista sa PBS, o wala sa PBS para sa iyong kundisyon— kung minsan ay tinatawag na 'pribadong reseta'. Isasaad ito ng iyong doktor sa iyong reseta at kailangan mong magbayad nang buong presyo para sa gamot sa botika. Ang halaga ng mga hindi pang-PBS na reseta ay hindi kasama sa bilang ng iyong PBS Safety Net threshold.

Ang maagang bigay-tustos ng gamot sa ilalim ng panuntunang 20 araw ng Safety Net

Upang mapanatiling abot-kaya ng lahat ang PBS, dapat hindi punan nang mas maaga ang mga reseta ng PBS nang hindi mo pa kailangan. Sa ilalim ng panuntunang 20 araw ng Safety Net ang maagang pag-ulit ng bigay-tustos ay ang ginawa sa loob ng 20 araw pagkatapos ng naunang bigay-tustos ng kaparehong gamot.

Kung kailangan mo ng maagang pag-ulit ng bigay-tustos, ibig sabihin ng panuntunang 20 araw ng Safety Net ay para sa ilang gamot ng PBS, hindi ito kasama sa bilang ng Safety Net threshold. Kung naabot mo na ang iyong Safety Net threshold, sisingilin ka sa iyong karaniwang ambag sa PBS sa halip na ang mababang halaga ng Safety Net.

2011 mga ambag ng pasyente sa PBS

	Mga pangkalahatang pasyente	Mga may hawak ng konsesyon kard
Ambag ng pasyente	Hanggang $34.20†	$5.60†
Safety Net threshold	$1317.20	$336.00
Ambag ng pasyente ng Safety Net	$5.60†	Libre†

† Kung pinili mo ang mas mahal na tatak ng gamot, o nagreseta ang iyong doktor, maaaring kailanganin mong magbayad ng mas mahal—ang sobrang halagang ibinayad mo ay hindi kasama sa bilang ng iyong PBS Safety Net threshold.

listahan ng Buod

- Dalhin ang iyong kard ng Medicare, gayundin ang konsesyon kard ng DVA o Centrelink at kard ng Safety Net kung mayroon ka ng mga ito, kapag pinapupunan ang iyong reseta ng PBS.
- Tanungin ang iyong doktor o parmasista kung mayroong mas murang gamot kaysa sa inireseta.
- Makipag-usap sa iyong parmasista tungkol sa PBS Safety Net—magtago ng PRF o hilingin sa iyong parmasista na magtago ng talaan para sa iyo o sa iyong pamilya.
- Kapag malapit ka ng makaabot sa Safety Net threshold, tanungin ang iyong parmasista tungkol sa kung paano makakakuha ng kard ng Safety Net.

Para sa dagdag na impormasyon

Online	**www.medicareaustralia.gov.au**
Email	**pbs@medicareaustralia.gov.au**
Call	**1800 020 613****
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

#Kung pinili mo ang mas mahal na tatak ng gamot, o nagreseta ang iyong doktor, maaaring kailanganin mong magbayad ng mas mahal.

##Ang refund na natanggap mo ay maaaring hindi nasasaklawan ang buong halaga na ibinayad mo para sa iyong gamot.

*May mga singil sa pagtawag.

**May mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

1577_18b.20.01.11